

# Site ng Gas Works Park: Sediment Unit



Site ng Gas Works Park sa hilagang baybayin ng Lake Union

**Tinanggap ang mga komento**  
Hunyo 20 – Hulyo 20, 2023

**Isumite ang mga komento**

**Online sa:**

[www.bit.ly/Ecology-GasWorks-Comments2023](http://www.bit.ly/Ecology-GasWorks-Comments2023)

**O sa koreo sa:**

Lucy McInerney, Site Manager  
WA Department of Ecology  
PO Box 330316

Shoreline, WA 98133-9716  
425-410-1400

[Lucy.McInerney@ecy.wa.gov](mailto:Lucy.McInerney@ecy.wa.gov)

**Mga lokasyon ng sinuring dokumento**

[www.bit.ly/Ecology-GasWorks](http://www.bit.ly/Ecology-GasWorks)

Pampublikong Silid-Aklatan  
ng Seattle, Fremont Branch  
731 N 35<sup>th</sup> Street  
Seattle, WA 98103

Para sa tulong sa pagsusuri ng dokumento, makipag-ugnayan sa:

Ian Fawley,

Tagaplano ng Outreach

[Ian.Fawley@ecy.wa.gov](mailto:Ian.Fawley@ecy.wa.gov)

425-324-5901

**Impormasyon ng Lugar**

ID ng Lugar ng Pasilidad: 139

Site Cleanup ID: 2876

## Plano para sa aksiyong paglilinis na handa na para sa pagsusuri

Iniiimbihan ka ng Department of Ecology (Ecology) na suriin ang isang plano para sa aksiyong paglilinis at mga nauugnay na dokumento para sa paglilinis ng natitirang kontaminasyon sa site ng Gas Works Park sa Seattle. Ang plano ay nangangailangan ng pag-aalis at pagtatakip sa lupa ng baybayin, pag-ayos sa tubig sa ilalim ng lupa sa may baybayin, paghuhukay ng sediment, pagtatakip sa sediment, pagsubaybay, at mga kontrol sa paggamit ng administratibong lugar.

Ang plano ay parte ng legal na kasunduan sa pagitan ng Ecology, the City of Seattle (City), at Puget Sound Energy (PSE). Ang mga sumusunod na dokumento ay available para sa pagsusuri:

- **Plano Para sa Aksiyong Paglilinis:** inilalarawan ang napiling aksiyon sa paglilinis ng Ecology para matugunan ang natitirang kontaminasyon.
- **Pahintulot na utos (legal na kasunduan):** hinihilingan ang City at PSE na gumawa ng detalyadong disenyong mga dokumento at gumawa ng aksiyong paglilinis na inilalarawan sa planong aksiyon para sa paglilinis.
- **Batas sa Patakaran sa Pangkapaligiran ng Estado-Pagtukoy sa hindi mahalaga:** Pagpapasiya ng Ecology na ang aksiyong paglilinis ay malamang na hindi magkaroon ng malaking masamang epekto sa kapaligiran.

## Online na pampublikong pagpupulong

Magho-host ang Ecology ng online na pampublikong pagpupulong gamit ang Zoom para makapagbigay ng impormasyon tungkol sa proyekto at sumagot ng mga tanong. May mga tagapagsalin sa mga wikang Spanish, Chinese, at Tagalog. Available ang mga opsyon sa pagtawag kapag nagparehistro sa webpage ng Ecology.


**Miyerkules, Hunyo 28, 2023:**

- 6:30 – 7:30 p.m. Presentasyon
- 7:30 p.m. Mga tanungan at sagutan, kung kailangan.

**Para makapagparehistro at makasali, bisitahin ang:**

[www.bit.ly/Ecology-GasWorks](http://www.bit.ly/Ecology-GasWorks)

**Español (página 5) | 中文信息 (見第5頁) | Tagalog (pahina 5) →**




### Mga Yunit sa Site at Natitirang mga Lugar na May Kontaminasyon

Binubuo ng dalawang unit ang Gas Works Park, ang 21-acre Upland Unit at ang 56-acre Sediment Unit sa tubig. Gaya ng binuod sa ulat tungkol sa kapaligiran, nalinis na noong nakaraan ng iba't ibang aksyon sa paglilinis ang karamihan ng kontaminasyon sa Upland Unit.

Ang sediment sa buong Yunit ng Sediment ay kontaminado.

Ang mga contaminant ay mula sa mga pang-industriyang operasyon at kasama ang polycyclic aromatic hydrocarbons, arsenic, nickel, carbazole at dibenzofuran. May nakitang iba pang contaminant sa sediment mula sa iba pang pinagmulan sa Lake Union.



### Plano para sa aksiyong paglilinis

Sa Enero 2023, pagkatapos ng pampublikong pagsusuri, ang naaprubuhan ng Ecology na imbestigasyon sa pag-ayos/pagiging posible na pag-aaral (ulat sa kapaligiran) na inihanda ng City at PSE. Ang ulat na iyon ay nagpapakita ng mga resulta ng mga pangkapaligiran na mga imbestigasyon at sinuri ang isang hanay ng mga alternatibong aksiyon sa paglilinis upang matugunan ang mga natitirang kontaminadong lugar.

Ayon sa impormasyon sa ulat, pumili ang Ecology ng aksiyon para sa paglilinis para matugunan ang natitirang mga kontaminadong lugar. Ang aksiyon sa paglilinis na iyon ay inilalarawan sa Plano Para sa Aksiyong Paglilinis. Katulad ng ipinakita sa itaas, kasama sa plano ang mga sumusunod:

#### Mga Aksiyon sa Sediment Unit (sa tubig lang)


- **Paghuukay:** Tatanggalin ang tinatayang 3,600 cubic yard ng kontaminadong sediment, kasama na ang posibleng paghuukay bago ang pagtatakip sa mga lugar na malapit sa baybayin na may mga operasyong kailangan ng maintenance sa partikular na lalim ng tubig.
- **Karaniwang pagtatakip:** Maglagay ng tinatayang 14 acre ng 2-talampakang kapal ng buhangin pamigil at mga 4 acre ng 3-talampakan o mas makapal pang buhangin para maibukod ang kontaminadong sediment.
- **Pinahusay na pagtatakip:** Maglagay ng mga 5 acre ng binagong pantakip na buhangin para maibukod ang kontaminadong sediment at para luminis ang tubig mula sa bukal o maglagay ng takip na may mababang permeability para maibukod ang sediment at mapunta ang tubig mula sa bukal sa kalapit na binagong pantakip na buhangin para luminis ito. Mahalaga ang mga binagong pantkip na buhangin para luminis ang tubig mula sa bukal na naging kontaminado habang dumadaloy ito mula sa lupa papunta sa ilalim ng kontaminadong sediment.
- **Pinahusay na natural na paglilinis:** Maglagay ng mga 10 acre ng 6 na pulgadang buhangin para bumilis ang natural na pagbawas ng kontaminasyon dahil sa paglalagay ng malinis na materyales.
- **Sinusubaybayang natural na paglilinis:** Subaybayan ang 23 acre para ma-verify na natural na nababawasan ang kontaminasyon dahil sa paglalagay ng malinis na materyal.

### Mga Aksiyon sa Interseksyon ng Upland/Sediment Unit

- **Paghuukay at pagtatakip sa lupa sa baybayin:** Alisin ang mga 4,800 cubic yard ng kontaminadong lupa sa baybayin at alisin din ang mababaw na tar sa silangang baybayin. Pagkatapos matanggal, maglagay ng lupa sa ibabaw at mga halaman sa tinatayang 0.7 acre para mapalitan ang kasalukuyang ibabaw ng lupa sa parke.
- **Paglilinis ng tubig sa ilalim ng lupa sa may baybayin:** Linisin ang tubig mula sa bukal na kontaminado ng arsenic na nasa ilalim ng lupa sa silangang baybayin.

Kasama rin sa plano para sa aksiyong paglilinis ang pagsubaybay pagkatapos ng konstruksyon at mga kontrol sa paggamit ng administratibong site upang matiyak na ang paglilinis ay patuloy na pumoprotekta sa kalusugan ng tao at sa kapaligiran sa paglipas ng panahon.

### Ano ang susunod na mangyayari?



[Ang pormal na proseso ng paglilinis](#)<sup>1</sup> ng Washington ay makikita sa itaas. Ang site ng Gas Works Park ay nasa plano para sa aksiyong paglilinis na hakbang. Makikita sa ibaba ang timeline para makumpleto ang hakbang na ito na nasa inaasahang timeline para sa mga susunod pang hakbang:

- **Hunyo 20 – Hulyo 20, 2023:** Panahon para sa pagkomento ng publiko
- **Hunyo 28, 2023:** Pamublikong pagpupulong
- **Taglagas 2023:** Natugunan ang mga pamublikong komento, at natapos ang aksiyon sa paglilinis na plano.
- **2023 hanggang 2027:** Disenyo ng engineering at pagkuha ng permit, kasama na ang karagdagang imbestigasyon at pagsusuri para mas maging maayos ang aksyon sa paglilinis at maisagawa ang detalyadong disenyo
- **2027:** Simula ng konstruksiyon

### Gastos at pondo

Ang aksiyong paglilinis ay inaasahan na magkakahalaga ng mga nasa \$73 milyon. Ang Lunsod at PSE ang magpopondo sa paglilinis. Puwedeng mag-reimburse ang Lungsod nang hanggang kalahati ng gastos nila mula sa Ecology sa pamamagitan ng [grant program sa solusyong aksiyon ng estado](#)<sup>2</sup>. Tumutulong ang pagpopondong ito na bayaran ang paglilinis ng mga pamublikong lugar. Pinopondohan ng Lehislatura ang grant program mula sa [buwis sa mga mapanganib na substance](#)<sup>3</sup>.

<sup>1</sup> <https://ecology.wa.gov/Spills-Cleanup/Contamination-cleanup/Cleanup-process>

<sup>2</sup> <https://ecology.wa.gov/About-us/Payments-contracts-grants/Grants-loans/Find-a-grant-or-loan/Oversight-remedial-action-grants-loans>

<sup>3</sup> <https://ecology.wa.gov/Spills-Cleanup/Contamination-cleanup/Cleanup-process/Paying-for-cleanups/Hazardous-Substance-Tax>

## Kasaysayan


Dating teritoryong okupado ng tatlong komunidad ng mga katutubo, (ang mga Duwamish, Hachooabsh, at Shilshole), ang lugar na nakapalibot sa hilagang bahagi ng Lake Union ay tirahan ng mga dayuhan sa kalagitnaan hanggang huling bahagi ng 1800s. Noong 1907, natapos ang konstruksyon ng isang planta ng gas sa lugar na mataas na bahagi ng Gas Works Park para mag-supply ng gas sa lumalaking populasyon ng Seattle. Pinatatakbo ang planta hanggang 1956. Dati ring nasa mataas na bahagi ng lugar ang iba pang industriya (hal., pag-refine ng tar, pag-iimbak ng gas, paggawa ng barko). Nagdulot ng kontaminasyon sa lupa, tubig mula sa bukal, at sediment ang dating aktibidad ng mga industriyang ito.

Tinutugunan na ang karamihan ng kontaminasyon sa mataas na bahagi ng lugar ng iba't ibang aksiyon sa paglilinis mula 1971 hanggang 2020.

## Lokasyon

Ang Gas Works Park ay nasa 2101 N Northlake Way, Seattle, Washington sa Lake Union. Binubuo ito ng mga 21 upland acre (Upland Unit) at 56 acre sa tubig (Sediment Unit).

Pag-aari ng Lungsod ng Seattle ang kalakhang bahagi ng Upland Unit at Estado ng Washington ang may-ari ng kalakhang bahagi ng Sediment Unit.



Tanawin mula sa himpapawid ng operasyon sa Gas Works Park, 1965



Mapa ng Gas Works Park

## Información en español

Si desea recibir una hoja informativa completamente traducida en español, que incluya información sobre una reunión pública en línea con intérpretes el **28 de junio a las 6:30 p. m.**, visite [www.bit.ly/Ecology-GasWorks](http://www.bit.ly/Ecology-GasWorks), la Sucursal Fremont de la Biblioteca Pública de Seattle (731 N 35th Street, Seattle, WA 9810), o llame al 425-324-5901 y espere a que una intérprete se una a la llamada.

## 有關清理工作的中文信息

如果您愿意收到完整的中文情况说明，包括 **6月28日下午6:30** 配有译员的在线公开会议信息，请访问网站 [www.bit.ly/Ecology-GasWorks](http://www.bit.ly/Ecology-GasWorks)，西雅图公共图书馆 Fremont 分馆（731 N 35th Street, Seattle, WA 9810），或拨打 425-324-5901 等待口译人员加入连线。

## Impormasyon sa Tagalog

Kung gusto mong makatanggap ng dokumentong isinalin sa wikang Tagalog, kasama na ang impormasyon tungkol sa online na pampublikong pagpupulong na may mga tagapagsalin sa **Hunyo 28, 6:30 p.m.**, bisitahin ang [www.bit.ly/Ecology-GasWorks](http://www.bit.ly/Ecology-GasWorks), sa Seattle Public Library's Fremont Branch (731 N 35th Street, Seattle, WA 9810), o tumawag sa 425-324-5901 at maghintay na sumali sa tawag ang isang tagasalin.

Toxics Cleanup Program  
PO Box 330316  
Shoreline, WA 98133-9716

## Site ng Gas Works Park Handa na ang mga dokumento para sa pagsusuri ng publiko

*Información en español incluida (página 5)*  
*有關清理工作的中文信息 (見第5頁)*  
*Impormasyon sa Tagalog (pahina 5)*

### Panahon para sa pagkomento ng publiko

Hunyo 20 – Hulyo 20, 2023

[www.bit.ly/Ecology-GasWorks](http://www.bit.ly/Ecology-GasWorks)

[www.bit.ly/Ecology-GasWorks-Comments2023](http://www.bit.ly/Ecology-GasWorks-Comments2023)

### Online na pampublikong pagpupulong – Tingnan ang pahina 1 para sa mga detalye

Hunyo 28, 2023; Magsisimula sa oras na 6:30 p.m.

Magparehistro sa: [www.bit.ly/Ecology-GasWorks](http://www.bit.ly/Ecology-GasWorks)

### Pagiging accessible ng Batas para sa mga Amerikanong May Kapansanan (Americans with Disabilities Act, ADA)

Para humiling ng pagsasaayos para sa ADA, makipag-ugnayan sa Ecology gamit ang telepono sa 425-324-5901 o mag-email sa [ian.fawley@ecy.wa.gov](mailto:ian.fawley@ecy.wa.gov), o bisitahin ang [ecology.wa.gov/Accessibility](http://ecology.wa.gov/Accessibility). Para sa Relay Service o TTY, tumawag sa 711 o 877-833-6341.



Mapa ng Gas Works Park